



POLITICAL TALK IN PRIVATE: ENCRYPTED MESSAGING APPS IN SOUTHEAST ASIA AND EASTERN EUROPE

Zelly Martin, Katlyn Glover, Inga K Trauthig, Alexandra Whitlock, and Samuel Woolley

Pinalawak ng Propaganda Lab sa Center for Media Engagement ang pananaliksik nito sa paggamit ng mga encrypted messaging app (EMA) para sa usaping pampulitika, pareho nitong sinusuri kung paano ginagamit ng mga tao ang mga EMA para sa pang-araw-araw na usaping pampulitika at kung paano ginagamit ang teknolohiya ng EMA para sa mga koordinadong kampanya sa pagmamaniplula sa Indonesia, Myanmar, Pilipinas, at Ukraine.

Nagsagawa ang aming pangkat ng 21 semi-structured na mga pakikipagpanayam sa pagitan ng Hunyo at Oktubre 2021 kasama ang mga tagagawa at tagasubaybay ng mga kampanyang propaganda at disimpormasyon sa mga EMA sa mga nabanggit na apat na bansa.

Inihayag ng aming pagsusuri ang tatlong pangunahing pampakay na mga natuklasan:

1. Ang propaganda na kumakalat sa pamamagitan ng mga EMA sa mga bansang ito ay dinamiko, ibig sabihin, ito ay na-optimize para sa mga EMA sa halip na para sa tradisyonal na medya.
2. Ang paggamit sa EMA ay binuo para sa (bahagya) lipunan — ang ilang mga tao ay gumagamit ng mga EMA dahil naka-encrypt ang mga ito, ngunit kadalasan ay hindi ito ang pangunahing dahilan kung bakit pinipili ng mga user ang mga ito; madalas silang nakapokus sa iba pang elemento ng mga app, tulad ng pagpapanatili ng pakikipag-ugnayan sa mga pamilya at kaibigan.
3. Bagama't ang mga platform na ito ay nagbibigay-kakayahan sa katapatang-loob, pribadong komunikasyon, ginagamit din ang mga ito para “pasabugin” — i-broadcast o palakihin — ang propagandistikong kontent sa maraming tao nang sabay-sabay.

Ang mga natuklasan na ito ay tumutukoy sa kahalagahan ng mga EMA bilang isang espasyo ng interes at alalahanin para sa mga mananaliksik ng social media, at, sa partikular, ng pagtingin sa mga kalabuan na nauugnay sa paggamit ng EMA; at ang mga ito ay karapat-dapat na pagtuunan ng pansin para sa sinumang interesado sa demokrasya, komunikasyon at ng digital sphere.